

Ang poster na ito ay bahagi ng isang serye upang matulungan ang mga mag-aaral na malaman ang tungkol sa kapootang panlahi sa Canada at kung paano ito lalabanan sa kanilang mga komunidad! Ang serye ng pag-aaral na ito ay mayroong 6 na poster at 6 na video. Kung makakaya, subukang magsimula sa simula at i-tsek ang mga ito sa pagkakasunud-sunod! Ang poster na ito ay ang ikaapat sa mga serye.

Pagiging isang Kakampi

Ang kapootang panlahi ay nakakasakit sa mga tao. Kapag sinaktan tayo, dapat nating subukang ihinto ang kapootang panlahi o hilingin sa mga tao na tulungan tayo. Kapag sinaktan ang ibang tao, kailangan nating maging kakampi. Ang pagiging kakampi ay higit pa sa pagiging kaibigan. Ang isang kakampi ay isang taong tumutulong sa iba sa pamamagitan ng pagpapahinto sa kapootang panlahi at iba pang mga uri ng diskriminasyon.



Narito ang ilang mga bagay na maaaring gawin ng isang kakampi upang matulungan ang iba:



Makinig sa isang tao o isang komunidad at alamin kung ano ang kailangan nila para bumuti ang pakiramdam.



Huwag umasa sa taong iyon o komunidad para turuan ka. Minsan, kailangan mong gawin ang pag-aaral na mag-isa o kasama ng ibang mga kakampi.



Hindi mo maaaring matawag ang iyong sarili na kakampi. Sa halip, ang iyong mga aksyon ang magsasabi sa iba na ikaw ay isang kakampi. Siguraduhing gumawa ng aksyon at hindi lamang magsalita tungkol sa kapootang panlahi.



Ang pagiging kakampi ay maaaring hindi maging madali. Minsan, magkakamali ka. Sa ibang pagkakataon, hindi mo alam kung ano ang gagawin. Tiyaking matuto mula sa iyong mga pagkakamali at patuloy na subukan! Kailangan ng pagsasanay para maging mas mabuting kakampi. Kung wala tayong gagawin, sinasabi natin sa mga tao na ang kapootang panlahi ay okey – nguni't ito ay hindi!

Tandaan na hindi lahat ay gustong matulungan sa parehong paraan. Siguraduhin na tanungin ang tao o hulaan nang mabuti kung kailangan ng tao ang tulong.

Sa Canada, may mga grupo ng tao na lumalaban sa kapootang panlahi sa iba't ibang mga komunidad. Tingnan ang ilan sa mga pangkat na ito:


Mga Komunidad ng Tsino

 Chinese Canadian National Council for Social Justice (CCNCSJ)
ccncsj.ca

 Chinese Canadian National Council Toronto Chapter (CCNCTO)
ccnctonto.ca

 project 1907
project1907.org

Mga Komunidad ng Itim

 (Mahalaga ang mga Buhay ng Itim)
Black Lives Matter
blacklivesmatter.ca
blacklivesmatter-canada.carrd.co

Mga Katutubong Komunidad

 Idle No More
idlenomore.ca

 National Centre for Truth and Reconciliation
education.nctr.ca

Ang serye ng pag-aaral na ito ay ginawa ng mga guro na mayroong suporta ng mga mag-aaral, mga pamilya, mga organisasyon at mga miyembro mula sa mga komunidad ng Katutubo, Itim at Tsino.

Para sa higit pang mapagkukunan ng mag-aaral, bisitahin ang ccncsj.ca/further-learning.

Para sa mga pagsipi, bisitahin ang ccncsj.ca/infographics. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang ccncsj.ca.